Bakit ang mga lalaki ang namumuno sa mga babae sa Islam?

Ang pagiging pinuno ng lalaki sa babae ay isang parangal sa babae at isang tungkulin para sa lalaki, na siya ay dapat mag-asikaso ng kanyang mga pangangailangan at pangalagaan siya. Ang babaeng Muslim ay gumaganap ng papel ng reyna na pinapangarap ng bawat babae sa mundo. Ang matalino ay pumipili kung ano ang dapat niyang maging, maging isang pinarangalan na reyna o isang pagod na manggagawa sa kalye.

At kung ipagpalagay natin na may ilang mga lalaking Muslim na inaabuso ang kanilang pamumuno, ito ay hindi kapintasan sa sistema ng pamumuno kundi kapintasan sa mga taong inaabuso ito.